



Mga Mungkahing Pagbabago sa mga Patakaran ukol sa Public Charge (mga Indibidwal na Umaasa sa mga Benepisyong Mula sa Gobyerno)

Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs) na para sa mga Pampaaralang Komunidad

Posibleng nakapagpahayag na ang mga estudyante at pamilya ng takot sa pagsa-sign-up o pagpapalista para sa mga benepisyo, dahil sa anunsiyo kamakailan ng pederal na gobyerno kaugnay ng public charge. Ang public charge ang termino ng gobyerno sa pagpapasya kung magiging dependent o aasa ang indibidwal sa mga benepisyong mula sa gobyerno.

Noong Oktubre 1, 2018, inilathala ng Departamento para sa Seguridad ng Lupang Tinubuan (Department of Homeland Security, DHS) ang mga mungkahing pagbabago sa public charge sa pahayagang Federal Register. Sinusuportahan ng Distrito ang ating migranteng komunidad at mahigpit na makikipagtrabaho sa Opisina ng Mayor, pati na rin sa mga Departamento ng Lungsod at organisasyong pangkomunidad, at nang makapagbigay ng pinakabagong impormasyon tungkol sa epekto ng mga mungkahing pagbabago.

Tatakbo hanggang Disyembre 10, 2018 ang panahon ng pagbibigay ng komento ng publiko. Para maiparinig ang inyong boses, magsumite ng pampublikong komento sa <https://protectingimmigrantfamilies.org/#take-action>. Pakitandaan na direktang ibabahagi sa pederal na gobyerno ang lahat ng impormasyong isusumite sa form na ito na para sa mga komento, sa pamamagitan ng Regulations.gov.

Heto ang ilang mahahalagang puntos ukol sa patakaran sa public charge:

- **Suhestiyon pa lamang ang mungkahing patakaran ukol sa public charge. Hindi pa nagbabago ang batas.**
- Ipatutupad lamang ang batas na ito sa mga indibidwal na humihiling na makapasok sa U.S. o nag-aaplay para mabago ang katayuan (adjustment of status). **Hindi** ipinatutupad ang probisyon ng batas sa mga lumilikas o refugee, humihingi ng pagkukop o asylum, espesyal na may hawak ng visa na migranteng kabataan o special immigrant juvenile visa holders, biktima ng pangangalakal sa tao o trafficking, biktima ng krimen, at iba pang espesyal na kategorya ng migrante.
- Hindi ipinatutupad ang public charge at ang mungkahing patakaran na ito sa proseso ng naturalisasyon, kung saan nag-aaplay ang mga naaayon sa batas na permanenteng residente upang maging mamamayan o citizen ng U.S.
- **Natatangi ang bawat kaso kung kaya't dapat ninyong kontakin ang inyong abugado kung mayroon na kayo nito.** Puwedeng kumonekta ang mga residente ng San Francisco sa libreng mga pagkomunidad na serbisyo para sa legal na imigrasyon. Tawagan ang [Bay Area Legal](#) sa **(800) 551-5554** o bisitahin ang immigrants.sfgov.org

Bibigyan kayo ng mga sumusunod na Mga Madalas Itanong (FAQ) ng karagdagang impormasyon tungkol sa mungkahing patakaran ukol sa public charge.



- 1. Ano ang kasalukuyang batas?**

Sa kasalukuyan, pinagpapasyahan ng mga mga opisyal sa imigrasyon ang public charge sa pamamagitan ng paggawa ng ebalwasyon kung ang aplikante para sa green card, o ang indibidwal na humihiling na makapasok sa U.S. batay sa ilang uri ng visa ay pangunahing aasa sa gobyerno para sa suporta.
- 2. Paano ito kasalukuyang ginagawan ng desisyon?**

Para mapagdesisyonan ito, inaasahan ng mga opisyal sa imigrasyon ang maraming salik o factor. Posibleng ring asahan nila ang "sinumpaang salaysay ng pagbibigay ng suporta (affidavit of support)," na kontratang pirmado ng tagapagtuguyod o sponsor ng migrante, kung saan nakasaad na bibigyan ng sponsor ng pinansiyal na suporta ang migrante.

Sa ilalim ng kasalukuyang polisiya, isinasaalang-alang din ng mga opisyal ng imigrasyon kung nakagamit na ang migranteng nag-aaplay para sa green card o pumasok sa U.S. ng tulong pinansiyal (tulad ng TANF, na kilala rin bilang "ayuda ng gobyerno o welfare" o SSI) o ng pangmatagalang pangangalaga ng institusyon. Ang mga migrante nakagamit nito ay malamang na tatanggihan ng pagpasok batay sa public charge. **Gayon pa man, hindi ituturing na negatibong bagay ang paggamit ng pinopondohan ng publiko na mga programa sa pangangalagang pangkalusugan, nutrisyon at pabahay, para sa layunin ng public charge, dahil kinikilala ng kasalukuyang mga polisiya na mahalalaga ang mga programang ito upang manatiling malusog at ligtas ang ating mga komunidad at produktibo ang mga indibidwal.**
- 3. Ano-ano ang mungkahing pagbabago?**

Bagamat mangyayari pa sa kinabukasan ang pagsusuri kung malamang na magiging public charge ang isang tao, **binibigyang-depinisyon na ng mungkahi ang public charge bilang tao na gumagamit lamang ng kasamang programa ng gobyerno**, sa halip na gumawa ng pagtatasa o assessment upang malaman kung pangunahing aasa ang aplikante sa gobyerno para sa suporta. **Posibleng isaalang-alang ang nakaraan at kasalukuyang paggamit ng mas malawak na hanay ng mga benepisyo.**
- 4. Ano-ano pa ang ibang konsiderasyon sa pagpapasya ukol sa pagiging public charge sa ilalim ng bagong mungkahi?**

Pahihintulutan ng mungkahi ang mga opisyal sa imigrasyon na isaalang-alang bilang salik o factor ang kahusayan sa Ingles (positibo) o kakulangan sa kahusayan sa Ingles (negatibo). Magiging negatibong bagay din ang nakaraang hiling na huwag magbayad ng singil para sa imigrasyon (immigration fee waiver). Itatakda rin ng mungkahi sa mga migrante na maglakip ng credit report (ulat ukol sa mga utang) kasama ng Deklasyon ng Kakayahang sa Sarili Lamang Umaasa (Declaration of Self-Sufficiency).
- 5. Ano-anong uri ng benepisyo ang puwedeng magamit sa ilalim ng bagong mungkahi?**

Pinalalawak ng mungkahi ang listahan ng mga pinopondohan ng publiko na mga programa na posibleng isaalang-alang ng mga opisyal sa imigrasyon kapag nagdedesisyon tungkol sa public charge. **Pinapalitan ng mungkahing regulasyon ang mga polisiya na nariryan na nang deka-dekada, na nagbibigay ng eksempsiyon, mula sa pagsasaalang-alang, ang paggamit ng indibidwal sa mga programa para sa pangangalagang pangkalusugan, nutrisyon at pabahay.**

Sa ilalim ng mungkahing patakaran, posibleng magamit ang dati at kasalukuyang pagtanggap sa Medicaid, Programa ng Pagtulong para sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP, na dating kilala bilang Food Stamps), tulong sa pabahay na Seksiyon 8, at sa benepisyo para sa inireresetang gamot na Subsidyo sa Medicare Bahagi D para sa Mababa ang Kita (Low-Income Subsidy for the Medicare Part D), bilang ebidensiya na hindi katanggap-tanggap ang nag-aaplay ng green card o visa na ilalim ng batayang public charge.

Isinasaalang-alang din ng mungkahi na posibleng magawang hindi katanggap-tanggap ang indibidwal batay sa lahat ng uri ng paggamit sa tulong pinansiyal, kasama na ang TANF, SSI, at anumang pang-estado o lokal na programa para sa tulong pinansiyal.



6. **Kapag ipinatupad ang mungkahing patakaran, isasaalang-alang ba ang nakaraang paggamit sa mga programa?**

Hindi nagsasaalang-alang sa nakaraan (retroactive) ang mungkahing patakaran kapag naging pinal na ito. Hindi nito parurusahan ang nakaraang paggamit sa mga bagong kasamang programa tulad ng Medicaid, tulong sa pabahay, at SNAP (Food Stamps) kung ginamit ang mga ito bago naging epektibo ang pinal na patakaran. Mayroong takdang panahon na 60 araw ang mga pamilya matapos mailathala ang pinal na patakaran, upang umalis sila sa pagkaka-enroll mula sa isang programa. Kailangang kumonsulta ang mga migrante sa eksperto sa imigrasyon at nakakaintindi sa public charge para malaman kung maipatutupad sa kanila o sa kanilang pamilya ang patakaran ukol sa public charge.

7. **Ano ang hindi isasaalang-alang sa pagdedesiyon ukol sa pagiging public charge sa ilalim ng bagong mungkahi?**

Hindi isasaalang-alang sa pagdedesiyon ukol sa pagiging public charge ang mga benepisyong tinatanggap ng mga miyembro ng pamilya ng migrante. Bukod rito, hindi binabago ng mungkahi ang matagal nang ipinatutupad na polisiya na nagpapahintulot sa mga migrante na makakuha ng pang-emergency na medikal na pangangalaga at tulong sa panahon ng sakuna (disaster relief) na walang masamang epekto sa pasya ukol sa pagiging public charge. Hindi rin isasaalang-alang ang paggamit ng mga programa sa libre o murang tanghalian sa paaralan at after school.

Para maiparinig ang inyong boses bago sumapit ang Disyembre 10, 2018, magsumite ng pampublikong komento sa <https://protectingimmigrantfamilies.org/#take-action>.

Mula ang nilalaman ng FAQ na ito sa webpage ng Immigrant Legal Resource Center.
Para sa iba pang impormasyon at update, pumunta sa www.ilrc.org/public-charge.